


## World Read Aloud Day 2024: QC Sumusuporta sa Pagbasa ng Kabataan

Nakiisa ang lokal na pamahalaan ng Quezon City sa pagdiriwang ng World Read Aloud Day noong Pebrero 7, 2024. Sa pangunguna nina Mayor Joy Belmonte, Vice Mayor Gian Sotto, at iba pang opisyal, isinagawa ang iba't ibang storytelling activities sa mga daycare centers at paaralan ng lungsod.

Ang aktibidad na ito ay naglalayong hikayatin ang mga kabataan na magbasa ng mga libro upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagbasa at literacy skills.



## Sama-Sama Para sa Kabataan: Quezon City Zero Illiteracy Tutoring Program


Ang Lungsod Quezon, katuwang ang pribadong sektor, ay nagtutulungan sa Zero Illiteracy Tutoring Program upang suportahan ang mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa at pagbibilang dahil sa pandemya.

Simula noong 2023, nakalikom ang programa ng ₱14 milyon mula sa Learning Recovery Trust Fund para sa face-to-face tutoring sa mga itinakdang paaralan ng QC Schools Division Office. Sa unang taon, natulungan ang 1,272 mag-aaral mula sa anim na distrito, at ngayong taon, 700 mag-aaral mula sa 15 paaralan ang sasali. Nagbigay din ito ng trabaho sa mahigit 100 tutors.

## QC Hotline 122: Mental Health Support Para sa QCitizens


Bilang bahagi ng mga inisyatiba ng Quezon City para sa mental health, isinama na ang psychosocial support at crisis intervention sa QC Hotline 122. Sa simpleng pag-dial ng "122" mula sa anumang telepono, maaaring makakuha ng tulong ang mga QCitizens o sinumang nasa lungsod na may mental health concerns.

Ang mga trained helpline operators ay handang makinig at magbigay ng emotional support at mahahalagang impormasyon sa mga tumatawag. Ang QC Hotline 122 ay isang libreng, kumpidensyal, at 24/7 na serbisyo, palaging bukas upang suportahan ang mental health ng bawat QCitizen.










Ibang Klase sa QC
Inilathala ng QC Education Affairs Unit

quezoncity.gov.ph
qceservices.quezoncity.gov.ph
depedqc.ph
QCGov
qcu1994
depedqc

Volume 4 | Issue 1 | November 2024

# Ibang Klase sa QC

NEWSLETTER



## 326 QC Barangay Officials Nagtapos sa Leadership Program ng QCU

Ang Quezon City University (QCU), sa pakikipagtulungan ng QC Barangay Community Relations Department (BCRD), ay matagumpay na naglunsad ng limang-araw na kursong **"Leadership in Public Service at Fundamentals of Public Management"** na idinisenyo para sa mga barangay official mula sa District 1 hanggang District 6. Ang programa ay isinagawa na may layuning palakasin ang kanilang kakayahan sa pamumuno, komunikasyon, at pagiging bukas sa pagbabago upang higit pang mapabuti ang serbisyo sa komunidad.

Noong Agosto 13, 2024, 326 barangay officials ang pormal na nagtapos sa programa sa isang seremonya sa Quezon City Hall. Sa kanyang mensahe, pinaalalahanan ni Mayor Joy Belmonte ang mga opisyal sa kahalagahan ng tapat at mahusay na pamamahala ng pondo ng kanilang barangay. Ang mga nagtapos ay tumanggap ng sertipiko mula sa **Speaker Feliciano R. Belmonte Jr. Center for Professional and Continuing Education - School of Good Governance** ng QCU, bilang pagkilala sa kanilang tagumpay at dedikasyon.



## Pinalawak na Scholarship Program para sa mga Kabataang QCitizens

Simula ngayong School Year 2024-2025, mas maraming kabataang QCitizens ang makikinabang sa pinalawak na scholarship program ng lungsod. Sa bisa ng bagong **Ordinansa No. SP-3283, S-2024**, mas mataas na tulong ang matatanggap ng mga scholars, kabilang ang mas malaking tuition assistance at stipend. Saklaw din ng programa ang mga natatanging kabataang may angking galing sa sports at sining.

Noong 2019, mahigit 31,000 kabataan ang natulungan ng programang ito. Ayon kay Mayor Joy Belmonte, **"Layunin ng pamahalaang lungsod na magbigay ng pangmatagalang suporta na tunay na magpapabago sa buhay ng mga kabataan."**

Hinihikayat ang lahat ng aspiring scholars na kumuha ng QCitizen ID bilang pangunahing requirement upang maging bahagi ng programa at ma-access ang iba pang serbisyong inaalok ng lungsod.







# Startup QC Student Competition, Inilunsad!

Noong Mayo 16, itinanghal sa Quezon City ang Startup QC Student Competition, kung saan nanalo ang Rise Rural Philippines ng Php 100,000 para sa kanilang Araw-Kalinga Box (AKB), isang solar-powered device para sa maternal healthcare sa kanayunan.


Inilunsad ng LEIPO ang Startup QC upang hikayatin ang inobasyon at pagnenegosyo. Mula sa 82 grupo ng mag-aaral, 39 ang napili para sa cadetship phase. Sa Pitch Day, nagpakitang-gilas ang mga kalahok sa mga kinatawan ng DTI, DICT, at startup leaders. Pinarangalan din ang ESEA para sa fisheries supply chain app at NYHA Robotics para sa robotics education.



## Bagong ECCD Curriculum, Hatid para sa Mas Angkop na Paghahanda ng Kabataang QCitizen

Lahat ng city-operated Child Development Centers sa Quezon City ay sumusunod na sa bagong Early Childhood Care and Development (ECCD) Curriculum. Sa tulong ng SSDD at DepEd QC, inilunsad ito upang mapabuti ang edukasyon ng mga batang QCitizen.

Ang curriculum para sa edad 3 at 4 ay naglalaman ng malinaw na layunin, makabuluhang aktibidad, at gabay para sa paghahanda sa pormal na edukasyon. Patuloy ding nakikipag-ugnayan ang lungsod sa ECCD Council upang maihanay ito sa National Early Learning Curriculum at patibayin ang core values ng kabataang QC: madasalin, magalang, malikhain, disiplinado, makakalikasan, at maka-lungsod.



## Quezon City, GBF, at Khan Academy: Pagtutulungan para sa Makabagong Edukasyon

Katuwang ang Khan Academy Philippines at Schools Division Office, nagsagawa ang lungsod ng training para sa 476 guro mula sa 158 pampublikong paaralan noong Nobyembre 9-10 upang maipatupad nang maayos ang Khan Academy program sa Quezon City. Ang Khan Academy, isang libreng online platform, ay nag-aalok ng video lessons, interactive na aktibidad, at personalized tools para sa pag-aaral ng Math, Science, at iba pang asignatura.

Katuwang din ng lungsod ang Gokongwei Brothers Foundation (GBF) Class Building Program sa pagbibigay ng access sa world-class digital resources sa STEM para sa mga guro.

## QCU, Kauna-unahang LUC sa THE World Rankings 2025

Ang Quezon City University (QCU) ang kauna-unahang Local University and College (LUC) sa Pilipinas na nagkamit ng “reporter” status sa Times Higher Education (THE) World University Rankings 2025. Isa ito sa 15 unibersidad sa bansa na kinilala ngayong taon, patunay ng kalidad ng pagtuturo, pananaliksik, at internasyonal na pakikipag-ugnayan ng QCU.

Ayon kay QCU President Dr. Theresita Atienza, ang pagkilalang ito ay gabay sa patuloy na pagpapalakas ng pananaliksik at publikasyon ng unibersidad. Kasama ang QCU sa 2,092 unibersidad mula sa 115 bansa na sinuri ngayong taon, kung saan nanguna ang University of Oxford. Ang tagumpay na ito ay sumasalamin sa potensyal ng mga LUC sa Pilipinas tungo sa mas maunlad na edukasyon.




## Quezon City, Pinarangalan sa USAID Opportunity 2.0 Summit!

Nakamit ng Quezon City ang 8 sa 11 prestihiyosong parangal sa USAID Opportunity 2.0 Youth & Partners Summit 2024. Personal na tinanggap ni Mayor Joy Belmonte ang mga karangalang ito sa seremonyang pinamagatang “Gabi ng Pagpaparangal sa Pagpupunyagi at Pag-Alpas.”

Kinilala ang lungsod at ang Quezon City Youth Development Alliance sa ilan sa mga sumusunod na parangal:

- Most Outstanding Program of Out-of-School Youth Entrepreneurship
- Special Citation for a Strengthened System Towards Positive Youth Development - NCR Hub
- Special Citations on Sustainability
- Most Innovative Extension Program in Support of Out-of-School Youth Development - Quezon City University
- Most Supportive Private Sector Partner - J. Amado Araneta Foundation Inc.

Bukod dito, pinarangalan sina Konsehal Aly Medalla at Quezon City University President Dr. Theresita V. Atienza bilang Most Outstanding Youth Champions - NCR Hub.






## Quezon City Adventure: Cultural Immersion para sa Japanese Youth

Noong Agosto 5-7, 2024, isinagawa ang “Learning Journey: The Quezon City Adventure” sa pakikipagtulungan ng Quezon City Government, JCI Quezon City Capitol, JCI Chiba, at DepEd SDO Quezon City. Sampung kabataang Hapones at 18 miyembro ng JCI Chiba ang lumahok upang maunawaan ang sistema ng edukasyon at pamumuhay sa Pilipinas.

Binisita nila ang Batasan Hills National High School, tumira sa foster families, nag-organisa ng donation drive sa Barangay Payatas, at bumisita sa Quezon Memorial Shrine at Heritage House. Ang programa ay nagtapos sa isang welcome dinner kasama si Mayor Joy Belmonte, mga delegado, at Japan Embassy Minister Hanada Takahiro.



## Girls’ Month 2024: Pagtaguyod sa Karapatan at Kakayahan ng Kababaihan

Bilang bahagi ng International Day of the Girl Child, katuwang ang Quezon City Government, DepEd QC, mga ahensya ng pamahalaan, at pribadong organisasyon, nagsagawa ang SPARK! Philippines ng tatlong aktibidad para suportahan ang kabataang kababaihan.



**Girls Transforming the Future of Leadership:** Sa tulong ng U.S., Swiss, at Finnish Embassies, DBM, Pilipinas Shell Foundation, MTRCB, at AC Health, hinubog ang kakayahan sa pamumuno at pagdedesisyon ng mga estudyante mula sa pampublikong paaralan.

**Sine Niña Docufilm Screening at Forum:** Higit 200 estudyante ang dumalo sa Gateway Mall upang talakayin ang mga isyu at oportunidad para sa kababaihan.



**Girls Transforming the Future of Sports:** Noong Oktubre 26, 153 mag-aaral ang sumabak sa sports clinic sa basketball, floorball, at indoor rowing sa tulong ng UP Women’s Basketball Club at iba pang organisasyon.

Layunin ng mga aktibidad na ito na himukin ang kabataang kababaihan na tuklasin ang kanilang potensyal at pantay na oportunidad. Patuloy na susuportahan ng Quezon City at mga katuwang nito ang ganitong mga inisyatiba.